

Juvenile Victimization Survey

Grade/Year Level _____

Kasarian _____

Panuto: Basahing mabuti ang bawat sitwasyon at bilugan ang inyong sagot

1.	May kumuha na ba ng gamit mo at hindi na ito ibinalik habang ikaw ay nasa loob ng paaralan? (Halimbawa: bag, lapis, bolpen, papel, pera, relo, damit, bike, radio/ MP3, cellphone o sapatos/ tsinelas?)	1.Oo	2.Hindi
2.	Nakaranas ka na ba na puwersahang kinuha ng ibang tao ang bagay na hawak mo katulad ng kuwintas, hikaw, pera o cellphone habang ikaw ay nasa loob ng paaralan?	1.Oo	2.Hindi
3.	Simula ng ikaw ay nag-aral, mayroon bang tao na sinadyang sirain ang iyong gamit katulad ng bike o bagay na ginawa mo katulad ng school project o takdang aralin?	1.Oo	2.Hindi
4.	Sinugod ka na ba ng ibang tao at sinaktan ka sa loob ng iyong bahay o paaralan? Sa tindahan o kalsada? Sa jeepney o sa iba pang lugar?	1.Oo	2.Hindi
5.	May tao bang sumugod saiyo at nagtangkang saktan ka habang may hawak na stick, bato, baril, kutsilyo, atbp?	1.Oo	2.Hindi
6.	May tao bang nagtangkang saktan ka pero hindi natuloy dahil may tumulong sa iyo o kaya naman ay nakatakas o nakatakbo ka?	1.Oo	2.Hindi
7.	Nakaranas ka na ba ng mga sumusunod: <ul style="list-style-type: none"> • Hinakawan ka sa maseselang bahagi ng katawan na hindi mo gusto. • Pinahawak sa iyo ang kanyang maselang bahagi ng katawan. • Puwersahan o pinilit ka na makipagtalik ng taong maaaring kilala o hindi mo kilala? 	1.Oo	2.Hindi
8.	Simula ng ikaw ay nag-aral, may nakatatanda ba na namalo, nanuntok, nanipa o nang-abusong pisikal sa iyo sa anumang paraan?	1.Oo	2.Hindi
9.	Simula ng ikaw ay nag-aral, natakot o nagdamdam ka na ba sa isang nakatatanda sapagkat ikaw ay binansagan ng kung anu-anong palayaw, nanlilibak o kaya'y nagsabing ayaw na niya sa iyo?	1.Oo	2.Hindi
10.	Kung ang isang bata ay napabayaang, ang ibig sabihin ba nito ay hindi siya naalagaan ng mga nakakatanda sa nararapat na paraan. Halimbawa ng gawaing pagpapabaya ay ang hindi pagbigay ng sapat na pagkain; hindi pagpapagamot sa doctor kung may sakit o hindi pagbigay ng kasiguruhan na tumira ang bata sa isang ligtas na lugar. Simula ng ikaw ay nag-aral, ikaw ba ay nakaranas ng ganito? O naiwan mag-isa?	1.Oo	2.Hindi
11.	Simula ng ikaw ay nag-aral, meron bang gumawa alinman sa mga sumusunod: Paghawak ng maselang bahagi ng iyong katawan bagama't ayaw mo; pinahawak ang maselang bahagi ng kanilang katawan o pinilit kang makipagtalik?	1.Oo	2.Hindi
12.	May mga pagkakataon na kailangan na manirahan sa ibang bahay ang mga anak malayo sa kanilang magulang. Kung ikaw ay nakaranas nito, sinadya ka bang inilayo o itinago ng nag alaga saiyo sa magulang mo upang hindi ka nila makita o maisama?	1.Oo	2.Hindi
13.	May ibang bata ba o isa sa mga kapatid mo ang nanakit sa iyo sa loob man ng bahay o paaralan; o kaya habang naglalaro sa labas; sa loob ng tindahan o kung saan pa man?	1. Oo	2.Hindi
14.	May grupo ba ng kabataan (magkatropa, barkada, fraternity) na nanakit, nanambang o nanalakay sa iyo?	1.Oo	2.Hindi
15.	Naranasan mo ba na masaktan (sampal, suntok, sabunot, etc.) ng iyong nobyo (boyfriend), nobya (girlfriend) o karelasyon?	1.Oo	2.Hindi
16.	May kabataan ba na nagtangkang suntukin o sipain ang maseselang bahagi ng iyong katawan (para sa babae- dibdib o suso)?	1.Oo	2.Hindi
17.	Sa mga nakalipas na taon, mayroon ka bang kapatid o ibang kabataan na pinag- initan o pingadiskitahan ka sa pamamaraan ng pagtaboy, paninindak, pananabunot o paghablot ng suot mo, o		

	kaya nama'y inutusan kang pumunta sa kung saan o gumawa ng bagay na labag sa kalooban mo?	1.Oo	2.Hindi
18.	Ikaw ba ay nasindak o nagdamdam sa kapwa mo bata dahil pinag – initan o pinagdiskitahan ka sa pamamagitan ng pagbabansag ng kung anu – anong palayaw o kaya'y nagsasabing ayaw niya sa iyo?	1.Oo	2.Hindi
19.	May batang kasing edad (kaibigan, kaklase, nobyo o nobya, kapatid na babae o lalake) na pinuwersang makipagtalik sa iyo?	1.Oo	2.Hindi
20.	Simula ng ikaw ay nag – aral, mayroon bang namuwersa sa iyo para makipagtalik?	1.Oo	2.Hindi
21.	Simula ng ikaw ay nag – aral, may kumuha ba sa iyo ng letrato o video habang ikaw ay nakahubad?	1.Oo	2.Hindi
22.	Simula ng ikaw ay nag – aral, mayroon bang nagpakita sa iyo ng kanilang maselang bahagi ng katawan o kaya ay nagpakita ng mga magazine o babasahing may mga larawan ng maseselang bahagi ng katawan?	1.Oo	2.Hindi
23.	Simula ng ikaw ay nag – aral, mayroon bang nangyari sa iyo na sinaktan ang iyong damdamin sa pamamagitan ng pagsasabi o pagsusulat tungkol sa “sex” at tungkol sa iyong katawan na ipinadal sa text message, email o facebook?	1.Oo	2.Hindi
24.	Simula ng ikaw ay nag – aral, mayroon ka bang karanasang sekswal sa pagitan ng isang 19 taong gulang o mas nakatatanda pa – kasama ang mga bagay na gusto ninyong gawin?	1.Oo	2.Hindi
25.	Simula ng ikaw ay nag- aral , sa totoong buhay (hindi sa pelikula o palabas sa telebisyon), nakakita ka na ba ng taong sinadyang saktan? Saan mang lugar tulad ng sa bahay, paaralan, tindahan, sa loob ng kotse, sad yip, sa bus, sa kalsada o kung saan pa man?	1.Oo	2.Hindi
26.	Simula ng ikaw ay nag – aral, sa totoong buhay (hindi sa pelikula o palabas sa telebisyon), nakakita ka na ba ng taong sinadyang saktan gamit ang stick, bato, baril, kutsilyo, atbp?	1.Oo	2.Hindi
27.	Simula ng ikaw ay nag – aral, nakita mo na ba na ang iyong tatay o nanay na itinulak, simampal, sinuntok o sinaktan?	1.Oo	2.Hindi
28.	Simula ng ikaw ay nag – aral, nakita mo na ba ang iyong mga kapatid na pinalo, binugbog, sinipa o sinaktang pisikal ng iyong magulang?	1.Oo	2.Hindi
29.	Simula ng ikaw ay nag – aral, naranasan mo na bang manakawan at kinuha ang mga gamit sa bahay nyo tulad ng kasangkapan, damit, telebisyon, radio, kotse, atbp?	1.Oo	2.Hindi
30.	Kapag may kanidnap – ito ay sapilitang pagdala sa isang lugar at pagpapasakay sa loob ng isang sasakyan ng isang taong maaaring manakit. May kumidnap nab a sa iyo?	1.Oo	2.Hindi
31.	Kapag may sinadyang patayin – ito ay nangangahulugan na pinatay siya ng may dahilan. Mayroon bang malapit sa iyo, kapamilya, kaibigan o kapitbahay na sadyang pinatay?	1.Oo	2.Hindi
32.	Nakakita ka ba ng taong sinadyang patayin sa totoong buhay? Hindi sa telebisyon, video games o sa pelikula?	1.Oo	2.Hindi
33.	Naranasan mo na bang ikaw ay sinaktan dahil sa kulay ng iyong balat, relihiyon o dahil sa iyong pamilyang pinagmulan? O kundi nama'y dahil sa iyong pisikal na anyo o kapansanan, o kaya'y dahil sa may tumawag sa iyong bakla o tomboy?	1.Oo	2.Hindi
34.	Sa tunay na buhay, ikaw ba'y nakapunta na sa isang lugar, kung saan nakita at narinig mo ang mga taong pinapaputukan ng baril, may sumasabog na mga bomba, o may marahas na kaguluhan sa lansangan?	1.Oo	2.Hindi
35.	Ikaw ba'y naipit na sa isang digmaan o kaguluhan kung saan nakakarinig ka ng mga pagputok ng baril at pagsabog na bomba?	1.Oo	2.Hindi
36.	May nakatatanda bang nakasama mo sa isang lugar na naninigarilyo?	1.Oo	2.Hindi